

5

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 5

Pagpapahalaga ng mga Katutubong Pilipino sa Pagpapanatili ng Kasarinlan



**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 5 : Pagpapahalaga ng mga Katutubong Pilipino sa
Pagpapanatili ng Kasarinlan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rhonalyn S. Barabar, Loida L. Castaños, Vanessa Valerie M. Rogador
Editor: Salvador A. Artigo Jr., Rony T. Gono, Hilda D. Olvina
Tagasuri: Emmanuel A. Gerardo, Evangeline A. Gorduiz, Betelino V. Amigo
Tagaguhit: Carlito B. Buctot
Tagalapat: Nadir M. Beringuel, Leomar G. Paracha
Tagapamahala: Ma. Gemma M. Ledesma
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Pedro T. Escobarte Jr.
Joel A. Zartiga
Liza L. Demeterio
Eduardo E. Legantin
Emmanuel A. Gerardo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 5

Pagpapahalaga ng mga

Katutubong Pilipino sa

Pagpapanatili ng Kasarinlan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang pananakop ng mga Espanyol ay nagbunga ng iba't ibang reaksiyon mula sa mga katutubong pangkat sa kapuluan ng Pilipinas. Sa modyul na ito ay malalaman natin kung ano ang kinahinatnan ng mga labanang naganap upang mapanatili ang kasarinlan.

Pagkaraang masunod ang lahat ng gawain ay inaasahang magagawa mo na ang sumusunod:

- Napahahalagahan ang mga katutubong Pilipinong lumaban upang mapanatili ang kanilang kasarinlan; at
- Nailalarawan ang iba't ibang reaksiyon ng mga katutubong Pilipinong lumaban upang mapanatili ang kasarinlan.



Subukin

A. Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng tamang kaisipan at **MALI** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.)

Ginamit ng mga Espanyol ang Kristiyanismo upang baguhin ang dating paniniwala ng mga katutubo.

2.)

Ipinatupad ng mga Espanyol ang mga patakaran sa pamumuhay upang mapasunod ang mga katutubong pangkat.

3.)

Matatapang ang mga pangkat-etnikong Igorot at Muslim.

4.)


Lahat ng mga pangkat-etniko ay napagtagumpayang sakupin ng mga Espanyol.

5.)

Ipinakita ng mga Muslim ang kanilang pagtangi sa kolonyalismong Espanyol sa pamamagitan ng mga digmaang “Moro”

B. Panuto: Bumuo ng konklusyon tungkol sa mga dahilan ng hindi matagumpay na pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat sa Pilipinas. Gamitin ang mga salita sa loob ng kahon upang makumpleto ang konsepto ng *semantic web* sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Matapang		may panananaw sa kalayaan
walang pakialam	Nagkakaisa	may paniniwala sa kalayaan
umiwas sa gulo	watak-watak	mahina ang loob



Aralin

1

Pagpapahalaga ng mga Katutubong Pilipino sa Pagpapanatili ng Kasarinlan

Tutulungan ka ng modyul na ito na magkaroon ng kamalayan kung paano ipinaglaban at ipinagtanggol ng mga katutubong pangkat sa Cordillera at sa Mindanao ang kinagisnang kalayaan sa pamamahala, pamumuhay, at paniniwala bilang reaksiyon sa armadong pananakop ng mga Espanyol.



Balikan

PANUTO: Basahin ang mga pangungusap at tukuyin kung ito ba ay totoo o hindi. Isulat ang **Fact** kung ang pahayag ay totoo at **Bluff** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Madaling nahikayat ang mga katutubong Muslim ng maimpluwensiyang Espanyol.
2. May pagsalakay na ginawa ang mga Muslim sa pamayanang Kristiyano.
3. Nagpakita ng katapangan at kagitingan ang mga Muslim sa pananakop ng mga Espanyol.
4. Pinamunuan ni Sultan Kudarat ang banal na digmaan o jihad ng mga Muslim.
5. Umabot sa tatlong daang taon (300 years) ang pakikipaglaban ng mga Muslim sa Mindanao.



Tuklasin

Panuto: Kilalanin ang mga nasa larawan. Pillin ang salita o pahayag na tumutukoy sa larawan. Isulat ito sa sagutang papel.

1.)



(Katutubong Pangkat o
Pangkat ng Dayuhan)

2.)



(Pagkakaisa o Pananakop)

3.)



(Bayani o Presidente ng Pilipinas)

4.)



(Kalayaan o Katapangan)

5.)



(Inaabuso o Pinapahalagahan)



Suriin

Sa harap ng armadong pakikipaglaban ng mga Espanyol, iba't ibang reaksiyon ang ipinamalas ng mga katutubong pangkat.

1.) Pagtakas o *Escape*

Dahil sa sobrang pangungulekta ng buwis at pang-aabuso ng mga Espanyol, napilitan ang ibang katutubong Pilipino na iwan ang kanilang nakalakihang tahanan at magpakalayo tungo sa lugar na hindi abot sa kapangyarihan ng mga Espanyol.


2.) Pagtanggap o *Acceptance*

Dahil sa takot sa maaring gawin sa kanila ng mga Espanyol, napilitang tanggapin ng mga katutubong Pilipino ang lahat ng mga batas at alituntunin na ipinatutupad ng mga Espanyol. Tinanggap nila ang puwersahang pagseserbisyo na kilala sa tawag na "*polo y servicio*", kahit na nangangahulugan itong mawawalay sila sa kanilang mga pamilya. Tinanggap rin nila ang kulturang dala ng mga Espanyol: ang pagkakaroon ng *fiesta* at iba pang magastos na selebrasyon, ang pagbabago sa klase ng pananamit, at pagpapalit ng mga katutubong pangalan sa mga pangalang hango sa mga salitang Espanyol.

3.) Paglaban o *Resistance*

Nang mamulat ang mga katutubong Pilipino sa masamang sistema ng pagpapalakad ng mga Espanyol sa Pilipinas, nagkaroon sila ng lakas ng loob na kalabanin ang mga ito. Nagsagawa sila ng mga rebolusyon, walang takot nilang hinarap ang mga Espanyol kahit alam nilang wala silang laban dito dahil sa makabagong kagamitang pandigma na gamit nila.

Isa sa mga sumuway at nakipaglaban sa mga Espanyol ay ang mga **katutubong pangkat sa Cordillera** at **Muslim sa Mindanao**. Umusbong ang rebelyon, ang mga katutubong pangkat ay nakikipaglaban sa pamamagitan ng **head hunting** o pamumugot ng ulo sa mga kaaway. Naglunsad din ang mga Muslim ng **jihad** o banal na digmaan upang ipagtanggol ang kanilang relihiyon at paraan ng pamumuhay na pinamunuan ni Sultan Kudarat. Dahil sa angking katapangan ng mga Katutubong Pangkat sa Cordillera at Muslim, hindi sila nasakop ng mga dayuhang Espanyol at sila ay nanatiling malaya.



Pagyamanin

Panuto: Isulat ang tsek (✓) sa sagutang papel kung ang pahayag ay nagtatalakay ng wastong kaisipan tungkol sa mga pakikipaglaban ng mga katutubong pangkat at ekis (✗) naman kung hindi.

_____ 1.)
—

Ang mga katutubo ay matatapang at palaban walang takot na hinarap nila ang mga Espanyol kahit alam nilang wala silang kasiguruhang mananalò sa labanan.

_____ 2.)
—

Dahil sa sobrang pangungulekta ng buwis at pang-aabuso ng mga Espanyol, napilitan ang ibang katutubong Pilipino na iwan ang kanilang kinalakihang tahanan at magpakalayo.

_____ 3.)
—

Mahalaga sa mga katutubong Pilipino na mapanatili ang kalayaan at mamuhay ng maayos.

_____ 4.)
—

Pang-aapi at pang-aabuso ang naranasan ng mga katutubong pangkat na naging dahilan ng kanilang pakikipaglaban.

_____ 5.)
—

Naging masaya at mahinahon ang nangyaring pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat.



Isaisip


Ang reaksiyon ng ating mga katutubong pangkat ay nagpapaalab sa apoy ng mga mamamayan na lumaban mula sa pananakop ng mga dayuhan. Maraming Pilipino ang nagbuwis ng kanilang buhay para makamit ang tunay na kalayaan ng ating bansa at wakasan ang pang-aapi ng mga dayuhan sa atin.

Ang armadong pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat sa Pilipinas ay hindi nagtagumpay dahil ipinamalas ng mga katutubong Pilipino ang kanilang katapangan at pagpapahalaga sa kalayaan.



Isagawa

Kung ikaw ay isang batang mag-aaral na nabubuhay sa panahon ng mga Espanyol, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa pagtaguyod sa kalayaan? Iguhit mo ang iyong sarili sa kahon at punan mo ang bilog ng iyong mga iniisip na plano? Kopyahin ito sa sagutang papel.



Pamantayan sa Pagguhit

Kriterya	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Paghusayan Pa (3)
Kalinisan -malinis ang pagkaguhit			
Simbolong Naiguhit -angkop ang iginuhit sa katangian ng tauhan			
Kaangkupan ng Konsepto -angkop ang paglalahad ng nilalaman			



Tayahin

Panuto: Suriin ang mga salita. Piliin ang mga katangian ng mga katutubong Pilipinong lumaban para sa kasarinlan kalayaan, na sa iyong palagay ay dapat nating ipagmalaki. Isulat ang iyong mga napili sa sagutang papel.

Matibay ang loob

May Pagpapahalaga sa Kalayaan

Duwag

Makabayan

Napopoot

May pagkakaisa

Matapang

Matagumpay

May pagmamalasakit

Matatag

pantay-pantay ang turingan sa kapwa

Matapang

Mapagmahal



Karagdagang Gawain

Ipalagay mo ang iyong sarili na ikaw ay isang dayuhang mamahayag noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas. Gumawa ng isang talata na nagsasaad ng iyong obserbasyon tungkol sa katapangan ng mga katutubong Pilipino sa harap ng pananakop ng mga Espanyol. Makatutulong ang karagdagang pananaliksik. Isulat ito sa sagutang papel.

Pamantayan


	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Paghusayan Pa (3)
Nilalaman <ul style="list-style-type: none">• Pagsunod sa uri ng hininhingi• Lawak at lalim ng pagtatalakay			
Balirala <ul style="list-style-type: none">• Wastong gamit ng salita, baybay, bantas, at estruktura ng mga pangungusap			
Hikayat <ul style="list-style-type: none">• Paraan ng pagtatalakay sa paksa• Lohikal ng pagkakaayos• Pagkakaugnay ng mga ideya			



Susi sa Pagwawasto

- Balikan**
- 1.) Bluff
 - 2.) Fact
 - 3.) Fact
 - 4.) Fact
 - 5.) Bluff

- Tuklasin**
- 1.) Katutubong Pangkat
 - 2.) Pananakop
 - 3.) Bayani
 - 4.) Kalayaan
 - 5.) Inaabus



- Subukin**
- 1.) TAMA
 - 2.) TAMA
 - 3.) TAMA
 - 4.) MALI
 - 5.) TAMA

Karagdagang Gawain
Answers may vary

- 1.) Matibay ang loob sa kalayaan
- 2.) May pagpapahalaga sa kalayaan
- 3.) Makabayang pagkakaisa
- 4.) May pagmamahal sa kalayaan
- 5.) Mapagmahal
- 6.) Matagumpay
- 7.) Matatag
- 8.) Matapang
- 9.) May pagmamalasakit
- 10.) Pantay-pantay ang turangan

Tayahin

Answers may vary

Isagawa

- 1.) ✓
- 2.) ✓
- 3.) ✓
- 4.) ✓
- 5.) ×

Pagymanin

Sanggunian

DepEd-RO8, *TG Araling Panlipunan*, 2016

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M., and Jose, Mary Dorothy dL.,
Pilipinas Bilang Isang Bansa, Vibal Group, 2016

Guerra, Restituta San Pedro, Ed.D., *Ang Bayan Kong Mahal*. Abiva Publishing
House, Inc., 1999

Palu-ay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayang Pilipino*, LG&M., 2006

lrmds.deped.gov.ph , *LM Ang Kolonisasyon ng Pilipinas*, 2014

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph